# Paano Babayaran ang Pagpapalaglag

Sa Los Angeles County



## MAY MEDI-CAL?

Sa Medi-Cal, maaari kang makakuha ng kumpedinsyal na pangangalaga sa pagpapalaglag **ng wala kang gastos,anuman ang iyong edad**. Nagbibigay ng **serbisyo para sa transportasyon** ang Medi-Cal para magkaroon ng akses sa pangangalaga sa pagpapalaglag

## PRIBADONG SEGURO?

Ang batas ng California ay nag-aatas sa *karamihan ng pribadong* plano saseguro ng kalusugan na sakupin ang mga serbisyo ng pagpapalaglag **ng walang babayaran, ibabawas, o anumang uri ng paghahati ng pagbabayad.**

## WALANG SEGURO SA KALUSUGAN?

Kung nakatira ka sa CA at kwalipikado sa kinikita (income-eligible), maaari kang makakuha ng **agarang** pansamantalang masaklaw (coverage) ng Medi-Cal para sa pangangalaga sa pagpapalaglag sa pamamagitan ng Presumptive Eligibility for Pregnant Women Program (PE4PW). **Humingi ng tulong mula sa:** http://publichealth.lacounty.gov/mch/choi/CHOIContractorListEngSp.pdf

**Hindi mo na kailangang magbigay ng ID o patunay ng tinitirhan.**
Kapag nakapagpatala na sa PE4PW, maaari kang mag-aplay para sa komprehensibong saklaw (coverage) ng Medi-Cal at palawigin (extend) ang Medi-Cal ng isang taon pagkatapos ng iyong pagbubuntis.

## HINDI MAMAMAYAN NG AMERIKA?

**Anuman ang katayuan ng dokumentasyon**, ang mga imigrante na karapat-dapat sa kita sa lahat ng edad ay kwalipikado para sa komprehensibong pangangalaga sa kalusugan sa pamamagitan ng Medi-Cal. Hindi ibinabahagi ng CA ang impormasyon sa imigrasyon sa mga awtoridad ng pederal, at ang pagpapatala sa Medi-Cal ay hindi makakasama sa mga pagkakataong ipagpatuloy ang legal na paninirahan.

## MULA SA LABAS NG ESTADO?

Hindi mo kailangang maging residente ng CA para makatanggap ng pangangalaga sa pagpapalaglag dito. Subalit, maraming mga estado ang hindi nagpapahintulot ng pagsagot ng seguro (coverage) para sa pagpapalaglag. Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa pagkuha ng tulong sa pagbabayad para sa pagpapalaglag sa Los Angeles County, **mangyaring tingnan ang ika-2 pahina ng CA and National Resources.**

April 2024 (Tagalog)

ABORTION SAFE HAVEN PROJECT

COUNTY OF LOS ANGELES Public Health

# Paano Babayaran ang Pagpapalaglag

Sa Los Angeles County



### Kailangan ng tulong sa pagsagot sa mga gastos?

- Ang mga pondo para sa pagpapalaglag ay pribadong mga organisasyon na maaaring tumulong sa pagsagot ng gastos ng isang pagpapalaglag, pati na rin ang **pagsagot ng mga personal na gastos, gastos sa "lohistika (logistical)"** kabilang ang gastos sa transportasyon, tuluyan, pangangalaga sa bata, serbisyong pagsasalin sa wika, mga komadrona (doula) sa pagpapalaglaga, at iba pa.
- **Hindi sinusuri ng mga pondo ng aborsyon ang katayuan sa imigrasyon o patunay ng pagkamamamayan.**

### Lapagkukunan ng Impormasyon sa Lokal at California

- Ang **Akses sa Kalusugan ng Ina at Bata [Maternal and Child Health Access (MCHA)]** ay nag-aalok sa paghahanap sasaklaw (coverage) kalusugan at suporta sa mga indibidwal at kanilang mga tagapagkaloob ng serbisyo (provider) upang masiguradoang napapanahon at naaangkop na pangangalaga.
- Tumutulong sa mga isyu sa pagiging kwalipikado sa seguro, mga pagpipilian sa saklaw (coverage), at tulong sa pagpapatala para sa Medi-Cal, Covered California, ang Programa ng Akses sa Medi-Cal, at pribadong seguro.
- Maaaring magbigay ng tulong pinansiyal at iba pang suporta sa pagpapalaglag para sa mga gastos tulad ng pangangalaga sa bata, transportasyon, tirahan, atbp..
- Numero ng Telepono ng MCHA: 213.749.4261; se habla Español.

- Ang **ACCESS RJ** ay isang organisasyon para sa hustisya ng reproduksyon (reproductive justice organization) na nagpapatakbo ng libre, kumpidensyal na Linya ng Kalusugan (Healthline) upang magbigay ng mga mapagkukunan para sa mga taong nangangailangan ng pagpapalaglag at iba pang pangangalaga sa kalusugan ng reproduktibo, at para sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Nag-aalok ng payo sa mga kasamahan (peer counseling) at rekomendasyon..
- Nagbibigay ng pondo at suporta para sa pangangalaga, transportasyon, pangangalaga sa bata, pagkain, tirahan, atbp.
  - Linya ng Tulong sa English (English Healthline): 800.376.4636; Linea en Español: 888.442.2237
  - Linya ng Tulong sa Text (Text Healthline): 510.925.0335; Website accessrj.org.

### Pambansang Mapagkukunan ng Impormasyon

- **The National Network of Abortion Funds (NNAF)** ay isang network ng 100 independiyenteng pondo sa buong Amerika na nagbibigay ng parehong pinansyal at suporta sa lohistikang, kabilang ang paglalakbay sa ibang estado**.**
  - Hanapin ang mga mapagkukunan ng impormasyon ayon sa inyong estado dito: abortionfunds.org/find-a-fund.
- Ang **National Abortion Hotline** ay maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa mga nagkakaloob ng pagpapalaglag at limitadong tulong pinansyal sa Amerika at Canada.
  - Iba-ibang Wikang (Multi-Lingual) Hotline: 800.772.9100; Chat Hotline: prochoice.org/patients/naf-hotline.

### Nababahala ka ba sa iyong pagiging pribado?

- Ang mga nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng CA ay **pinagbawalan na maglabas ng mga medikal na rekord** ng mga taong naghahanap ng pangangalaga sa pagpapalaglag sa tagapagpatupad ng batas (Opisina ng Gobernador).
- Para sa mga taga-California, pinapayagan ka ng Confidential Health Information Act (CHIA) na protektahan ang iyong impormasyon sa kalusugan, kahit na nakaseguro ka sa ilalim ng planong pangkalusugan ng ibang tao.
- Sa pamamagitan ng CHIA, maaari kang magsumite ng Kahilingan Ukol sa Kumpedinsyal na Komunikasyon (Confidential Communications Request) sa iyong tagapagkaloob ng seguro sa pamamagitan ng myhealthmyinfo.org o.org.
- Makipag-usap sa iyong mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung paano nila pinakamahusay na mapoprotektahan ang iyong pagkapribado.

April 2024 (Tagalog)

ABORTION SAFE HAVEN PROJECT

County of Los Angeles Public Health